



REQUEST FOR QUOTATION

DATE: 03/28/2023

PURCHASE REQUEST NO.: ISD FUND 2023-03-24A

CANVASS NO. 21

Gentlemen:

Please quote your lowest price, taxes included, and subject to the terms and conditions that you may encounter purposely for article (s) and/or service(s) enumerated below, stating the shortest time of delivery and submit your quotation duly signed by your representative not later than _____ in the return envelope attached here with.

Very truly yours:


EDITHA S. VINUYA
 BAC Chairman

ITEM NO.	QTY	UNIT	ITEM AND DESCRIPTION	UNIT PRICE	TOTAL
			Printing of NOAP Materials		
	2000	pc	Gabay sa Paggawa ng Binurong Halaman		
	2000	pc	Gabay sa Paggawa ng Vermicompost		
	2000	pc	Gabay sa Paggawa ng Kompost		
	2000	pc	Gabay sa Paggawa ng Binurong Prutas		
			Type: Fan		
			Materials: PVC (0.6mm)		
			Size: 7.5 x 10.5 in.		
			Color: Full Color (2 Side Print)		
			Cut: Die Cut (Round Corner)		

PURPOSE:

To be used during the various trainings and other related activities of ATI-CO/Centers.

Pls. submit the following eligibility documents:

- Mayor's/Business Permit
- Income Tax Return
- Notarized Omnibus Sworn Statement
- PhilGEPS Registration Number/Red Membership
- Certificate of Sole Distributorship

Note: Pls. provide also the following: contact information such as email address and mobile/landline numbers; Tax Identification Number and Bank Details

I hereby certify that I am in the position to furnish the above article(s), service(s) at the prices and in quantities as called for except as I have indicated. The articles are available in our stock for immediate delivery to the Agricultural Training Institute, Elliptical Road, Diliman, Quezon City

MODEL: _____

DELIVERY PERIOD: _____

WARRANTY PERIOD: _____

PRICE VALIDITY: _____

 Signature Over printed name of proprietor/Manager
 or Authorized Representative

CANVASS BY: _____

DATE: _____



GABAY SA PAGGAWA NG KATAS NG BINURONG HALAMAN o "FERMENTED PLANT JUICE" (FPJ)



Ano ang Katas ng Binurong Halaman?

Ito ay mula sa iba't ibang bahagi ng piling halaman na binuro ng sapat na araw gamit ang alinman sa mga sumusunod: *muscovado*, pulang asukal o *molasses*. Ang *muscovado*, asukal at *molasses* ang tutulong sa pagpaparami ng mga organismong kailangan sa pagtubo ng mga pananim.


Ang Benepisyo ng FPJ

Halaman at lupa

- Nagtataglay ng nitroheno na nakatutulong sa mabilis na paglago ng halaman
- Nagtataglay ng *enzyme* at mabuting bakterya na nagpapalusog sa lupa

Alagang hayop

- Nagtataglay ng *enzyme* at mabuting bakterya na nakatutulong sa alagang hayop para magkaroon ng sapat na nutrisyon sa kanyang pagkain
- Nakatutulong sa mas mabilis na paglaki ng mga alagang hayop
- Nakatutulong upang mas mapalakas ang resistensya ng mga alagang hayop



Paggawa ng katas ng binurong halaman

Mga Sangkap

Dahon, murang tangkay o katawan ng halamang likas sa lugar. Piliin ang mga tanim na mabilis ang paglago o mataas ang taglay na protina tulad ng: *trichantera* (*madre de agua*), kangkong, sibol ng kawayan, ipil-ipil, kamote, kakawate (*madre de cacao*), damo, tubo', malunggay, saging at alugbati.



Mamili ng alinman sa mga sumusunod:

- Molasses*
- Muscovado*
- Asukal na pula



Gamit sa Pag buro

- Malinis na Tela o *Manila paper* (pantakip)
- Plastik na Straw na panali o tape (pantali)
- Timba, banga o *plastic container*
- Palanggana
- Kiluhan
- Kutsilyo o gunting
- Sangkalan
- Malinis na pamunas
- Marking pen*



Gamit sa pag ani

- Strainer* o salaan
- Plastic bottle* o babasaging bote
- Embudo*



Mga Hakbang sa paggawa ng FPJ

1. Kumuha ng mga pinaghalong dahon, tangkay at katawan ng mga halamang nabanggit. Ang rekomendadong *ratio*: 2 kilo ng sari-saring halaman, 1 kilo ng katawan ng saging, at 3 kilo ng asukal na pula, *molasses* o *muscovado*. Tadtarin ang mga nakuhang dahon, tangkay ng mga halaman at katawan ng saging.
2. Paghaluin ang mga ito sa isang lalagyan kasama na ang alinman sa mga sumusunod: *molasses*, *muscovado* o asukal na pula.
3. Iilagay ang pinaghalong sangkap sa isang malinis na timba o palanggana. Huwag punuin ang timba. Hanggang 3/4 o tatlo sa apat na bahagi lang dapat para may espasyo para sa hangin o aeration o palanggana.
4. Lagyan ng katamtamang bigat na bato para hindi lumutang ang mga pinaghalong sangkap. Siguruhing malinis ang batong gagamitin. Puwede ring ibalot ito sa malinis na *plastic*.
5. Takpan ng malinis na tela o *manila paper* at talian ng plastik na *straw*. Higpitan ang pagtakip sa timba para hindi pasukin ng ipis, daga, aso o pusa. Iwasan din na ito ay langgamín.
6. Iilagay ang timba sa lugar na hindi gaanong mainit at hindi tinatamaan ng sikat ng araw.
7. Pitong araw ang pagburo. Lagyan ng "*Label*" kung kailan ito ginawa at kailan aanihin.
8. Makalipas ang pitong araw, anihin ang *FPJ*.

Halimbawa:

Araw na ginawa: August 01, 2022

Araw na aanihin: August 08, 2022

Paraan ng Pag ani



1

Sa pag-ani, salain ang *liquid* o katas.



2

Sa halip na itapon, ipakain sa mga alagang hayop ang binurong halaman o ihalo sa *compost*.



3

Isalin ang katas sa bote. Kalahati lang ang laman.



4


Kailangang pasingawin ang katas, kaya **HUWAG HIGPITAN ANG TAKIP.**


Wastong Paggamit:


- ✓ Sa gulay, tuwing ika-sampung araw hanggang ito ay anihin.
- ✓ Sa saging, tuwing ika-sampung araw hanggang ito ay mamulaklak.
- ✓ Sa mais, tuwing ika-pitong araw simula nang mag-ugat ang punla.


- ✓ Ihalo ang 1 kutsarang *PURE FPJ* sa 1 litrong tubig.
- ✓ Gamiting abono sa tanim o pangkondisyon sa inaararong lupa.
- ✓ Huwag gamitin ang *PURE FPJ* sa seedlings! Basain muna ang seedlings para di masunog ang dahon at ugat!
- ✓ Puwede ring *i-spray* sa mga kulungan ng baboy, manok at iba pang hayop para mabawasan ang mabahong amoy at mga langaw.
- ✓ Gamit din ito sa *seed treatment*. Sa isang platito, patakan ng *FPJ*. Iabad ang mga buto ng 5 oras. Itanim ang mga buto bago ito matuyuan.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

 (02) 8941-8143

 noap@da.gov.ph

 www.noap.da.gov.ph

 /organicagricultureph





GABAY SA PAGGAWA NG KOMPOST



Ano ang Kompost?

Ito ay mula sa mga pinagsama-samang bulok na organikong sangkap gaya ng dumi ng hayop, binulok na dahon, malambot o murang tangkay ng mga puno at iba pang halaman, balat ng mga prutas at gulay at iba pa. Ito ay may iba't ibang uri ng *mineral* na kailangan ng halaman. Gaya ng *copper, molybdenum, baron, iron, manganese* at iba pa.

Ang paggawa ng kompost ay *natural* na paraan ng pagpapabulok sa mga nabanggit na sangkap na matagal nang ginagamit sa organiko at *natural* na paraan ng pagsasaka. Mataas na porsyento ng nutrisyon ang bumabalik sa lupa mula sa mga kompost o nabulok na mga halaman, dumi ng hayop at iba pang *compostable materials* o farm at kitchen waste.




Ang Benepisyong ng KOMPOST

Para sa Halaman at Lupa

Mga sangkap na kailangan

Dumi ng hayop (alinman sa mga sumusunod o kombinasyon):

- Baka
- Kuneho
- Kalabaw
- Kabayo
- Manok
- at iba pa





Mga iba't ibang dahon



Mga sangkap na puede rin gamitin upang mas mapabilis ang pagbubulok ng *compost*.

- Mga balat ng gulay o prutas
- Trichoderma* o mga organikong pataba:
- Binurong halaman (*FPJ*) Binurong prutas (*FFJ*) Binurong hasang o bituka ng isda (*FAA*)



MGA SANGKAP NA KAILANGAN

Tadtarin o pinuhin ang mga nakalap na mga dumi ng hayop, balat ng gulay o prutas. Ang pagpino sa mga ito ay Makatutulong sa mabilis na pagbulok sa kompost.

Paghaluin ang mga tinadtad na dahon, balat ng gulay o prutas, at mga dumi ng hayop sa *trapal* o *compost bed*. Sundin ang 30:1 *ratio* ng dahon at dumi ng hayop. **30-Carbon: 1-Nitrogen**.

Maaari ring diligan ang kompost ng alinman sa mga sumusunod: FAA, FFJ, IMO2, at FPJ. Ang mga ito ay naglalaman ng *enzyme* at mabuting bakteryang (*probiotic*) na nagpapabilis ng pagbulok at nagbibigay ng magandang resulta sa kompost na ginagawa.

Haluin ito kada isang linggo o pitong araw. Mainam na diligan ng organikong pataba kapag ito ay hinahalo. Dapat itong haluin para pantay ang pagbibigay ng organikong pataba. Alalahanin na may pamamahagi ng *organismo* sa *composting process*. e.g: Pagsabog, pagkalat, pamamahagi

Suriin ang kahalumigmigan (*moisture*) ng inyong kompost. Kumuha ng isang dakot na kompost at ito ay pigain ng kamay. Kapag ito ay nabuo na parang bola, ibig sabihin ay nakuha na nito ang sapat na kahalumigmigan ng isang kompost.

Gamit ang *thermometer*, suriin ang *temperature* ng kompost. Siguraduhing ang *temperature* ay nasa 37.8 - 54.5 °C.

Tandaan:

Kapag ang kompost na inyong piniga sa kamay ay may tumulong tubig, ito ay sobrang basa at pwedeng makaapekto sa bilis at ganda ng proseso ng pagbubulok. Sa ganitong pagkakataon, maaari mong dagdagan ang iyong mga sangkap ayon sa pangangailangan.



PARAAN NG PAG ANI:

1

Maaari nang anihin ang kompost pag humupa na ang *temperatura* nito o hindi na ganun kainit.

2

Pakiramdaman o salatin kung buhaghag na rin ito.

3

Ihiwalay ang kompost sa mga di gaanong nabulok na sangkap

4

Ilipat sa sako ang mga nasala na kompost.

5

limbak sa tuyong lugar na malilim at di nasisikatan ng araw. Alalahanin na may buhay na organismo ang mga kompost.

6


Kung maiimbak ng matagal, basain paminsan-minsan para hindi ito matuyot, manigas at mamatay ang mga *organismo*.

WASTONG PAGGAMIT

Bungkalin ang lupa malapit sa puno ng halaman. Ingatan ang mga ugat nito. Ihalo ang kompost sa binungkal na lupa. Pagkahalo, diinan ang lupa para dumikit nang maigi sa ugat at katawan.

Tandaan: Siguraduhin na ang paglalagay ng mga sangkap ay may C:N *ratio* na 30:1 upang mapabilis ang pagbulok ng kompost.

Pagkatapos haluin, diligan ang halaman upang maikalat ang sustansya na napakaloob sa kompost. Ang kompost ay maaari ring gamitin bilang punlaan.



Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

(02) 8941-8143


noap@da.gov.ph

www.noap.da.gov.ph

[/organicagricultureph](https://www.facebook.com/organicagricultureph)



GABAY SA PAGGAWA NG VERMICOMPOST



Ano ang Vermicomposting?

Ito ay isang proseso sa paggawa ng organikong pataba sa tulong ng mga bulate (*African Night Crawler*). Isa itong *environment friendly* na pamamaraan ng paggawa ng pataba sa organikong agrikultura.

Ano ang Vermicompost?

Ito ay isang uri ng organikong pataba na nagmula sa nabubulok na materyal na dumaaan sa proseso sa tulong ng mga bulate. Ang proseso na ito ay tinatawag na *vermicomposting*.

Ano ang Vermicast?

Ito ay ay purong dumi ng bulati na nagmula sa *vermicomposting*.

Ang Benepisyong ng Vermicompost

Halaman at lupa

Ang *vermicompost* ay pinapaganda ang pagsalat sa lupa *texture* at pinapataas ang kapasidad nito para magpanatili ng tubig sa lupa (*water holding capacity*).

Paraan ng paggawa ng Vermicompost

Mga Kailangan:

Bulate (*African Night Crawler*)

Dumi ng mga sumusunod na hayop:


- Baka
- Kuneho
- Kalabaw
- Kabayo
- Manok
- at iba pa

Katawan ng saging o dahon ng saging

Mga dahon, tangkay, sanga, at iba pa

Mga Kasangkapang Gagamitin

- Itak
- Vermibed* (Gawa sa trapal o kaya sa *hollow blocks Net* (Pantakip))



PARAAN NG PAGGAWA

Mangolekta ng dumi ng hayop, katawan at dahon ng saging, mga damo, dahon at iba pa.

Matapos maipon ang mga ito, tadtarin ito gamit ang itak o kaya ay *shredder* kung mayroong ganitong kagamitan.

Pagsama-samahin ang lahat ng tinadtad na sangkap sa *vermibed*. 'Wag kalimutan na ang hati ng paglagay ng dumi ng hayop at mga dahon at katawan ng puno o saging ay nasa 7:3 *ratio*. Ito ay nangangahulugan na 70% ng dami ng *composting material* katulad ng ay mula sa mga dahon, balat at katawan ng saging o puno at 30% naman sa dumi ng hayop na pagmumulan ng *nitrogen*.

Hintayin mabulok ang mga sangkap o substrate na nilagay sa *vermibed* hanggang tatlo o apat na linggo.

Matapos ang tatlo o apat na linggo, ilalagay na ang mga bulate (*African Night Crawler*) at takpan ito ng net upang hindi atakihin ng peste tulad ng manok, ibon, palaka, *centipede* at iba pa.

Tandaan:-

Iwasan ang maglagay ng malaking bagay sa *shredder* upang hindi ito masira kaagad.



Tandaan:-

Siguraduhin na hindi nababasa o masyadong naarawan ang iyong substrate upang hindi maapektuhan ang kalidad nito.



-Tandaan:-

1 kilong *African Night Crawler*: 1 cubic meter ng substrate



Dalasan ang pagdidilig sa *vermibed* upang mapanatili ang kahalumigmigan (*moisture*) nito na 60%.

Ang *vermicompost* ay maaari nang anihin makalipas ang 30-40 na araw simula ng paglagay ng bulate. Maglagay ng bagong *substrate* sa tabi ng pag-aanihan ng *vermicompost* upang lumipat ang mga bulate sa bagong *substrate* at mapadali ang pag-ani sa *vermicompost*.

WASTONG PAGGAMIT

Para sa mga tumutubong halaman, hukayin nang marahan ang ibabaw ng lupa ng tumutubong halaman at ilagay ang tatlong (3) kutsarang *vermicast*.

Para sa mga halaman at punong nasa wastong gulang na, ilagay ang *vermicast* sa ibabaw ng lupa sa paligid ng halaman.

Para sa mga binhi, maghalo ng kalahating lupa at kalahating *vermicompost*. Maglagay ng kaunti sa pinaglalagyan ng mga binhi. Magsisilbi itong suporta sa paglaki ng mga binhi kapag ito ay itinanim na.



Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

(02) 8941-8143

noap@da.gov.ph

www.noap.da.gov.ph

/organicagricultureph





GABAY SA PAGGAWA NG KATAS NG BINURONG PRUTAS o "FERMENTED FRUIT JUICE" (FFJ)



Ano ang Binurong Prutas?

Ang *FFJ* ay ginagamit pangkondisyon ng lupa at nagbibigay ng sustansya sa halaman. Ito ay gumagamit ng mga prutas na binuburo sa *molasses* o pulang asukal sa loob ng 7 hanggang 10 araw. Ang pulang asukal, *molasses* o *muscovado* ang nagsisilbing pagkain ng mga organismo.

Ang Benepisyo ng FFJ

Halaman at lupa

- Nagsisilbing *flower and fruit enhancer* dahil nakatutulong sa pamumulaklak ng halaman.
- May kakayahan din ito na mas lalong pasarapin at palinamnamin ang bunga ng mga halaman dahil puno ito ng *enzyme* na nagpapaaktibo sa loob ng halaman para gumawa ng mala-asukal na sangkap na siyang nagpapatamis at nagpapasarap sa bunga.

Alagang hayop

- Nagsisilbing supplement o dagdag nutrisyon na nakatutulong na mas mapasigla at mapalakas ang alagang hayop.
- Nagtataglay ng *Probiotic* na nakatutulong sa *digestion* o panunaw ng alagang hayop upang maiwasan ang pagtatae.

Paraan at wastong paggawa ng katas ng binurong prutas


Mga Sangkap

Isang kilo ng alinman sa mga ito:

- Saging
- Kalabasa
- Papaya
- Avocado
- Pakwan
- Mangga

Isang kilo ng alinman sa mga ito:

- Molasses
- Muscovado
- Asukal na pula




Mga Kasangkapang Gagamitin

- Malinis na tela o *Manila paper* (pantakip)
- Plastik na *Straw na panali* o *tape* (pantali)
- Timba
- Kutsilyo
- Sangkalan
- Malinis na pamunas
- Marking pen*
- Kiluhan o timbangan
- Strainer*
- Plastic bottle*


PARAAN SA PAGGAWA NG FFJ

- ✓ Tadtarin ang mga prutas.
- ✓ Ilagay sa loob ng timba ang mga tinadtad na prutas at haluan ng alinman sa mga ito: *molasses*, *muscovado* o pulang asukal.
- ✓ Tandaan na ang ratio na 1:1. Ang ibig sabihin ay kapag isang kilo o dalawang kilo ang prutas na gagamitin ay iyon din ang bigat o dami ng *molasses*, *muscovado* o pulang asukal.
- ✓ Pagkatapos mahalo ang mga sangkap, tiyakin na **HINDI UMAAPAW** sa timba. Kailangan may sapat na espasyo para makahinga ang binubuhay na *organism*. (25% *airspace*)
- ✓ Takpan ang timba gamit ang tela o *manila paper* at higitan ang pagtali rito.
- ✓ Sulatan ng *label* na may petsa ng paggawa at pag-ani.
- ✓ Itago sa madilim o di naiinitang lugar.
- ✓ Tiyaking di lalanggamin, iipisin o kakainin ng aso, pusa at daga.
- ✓ Buruhin ng isang linggo o pitong araw.



PARAAN NG PAG ANI

- ✓ Gamit ang *strainer*, salain ang katas ng binurong prutas.
- ✓ Ang mga naiwang tipak o latak ng prutas ay maaaring ilagay sa halaman, lupa o ipakain sa alagang hayop.
- ✓ Ilagay ang katas ng binurong prutas sa isang bote o anumang lagayan na may *label* at siguraduhing hindi ito matatapon.



WASTONG PAGGAMIT

Pampabulaklak

Sa isang litrong tubig, maghalo ng isa sa hanggang dalawang kutsarang (10-20ml) FFJ. *I-sprey* ito sa mga dahon sa panimula ng pamumulaklak.

Pagpapabilis ng aktibidad ng *microorganism* sa lupa

Sa isang litrong tubig, maghalo ng isang kutsarang (10 ml) FFJ. Ang carbohydrates at asukal na laman ng FFJ ay nagsisilbing enerhiya ng mga *microorganism* sa lupa na nagpapabilis ng kanilang aktibidad.

Pang-spray sa higaan ng mga hayop para mapabilis ang pagbulok ng kanilang dumi para di ito mangamoy.

Sa isang litrong tubig, maghalo ng isa sa hanggang dalawang kutsarang (10-20 ml) FFJ at saka ito *i-sprey* sa higaan ng mga hayop.

Masustansyang inumin

Ang isang kutsarang FFJ na hinalo sa isang litrong tubig ay masustansyang inumin para sa mga hayop at pwede "*ring*" inumin ng mga tao.



Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

☎ (02) 8941-8143

✉ noap@da.gov.ph

🌐 www.noap.da.gov.ph

📌 [/organicagricultureph](https://www.facebook.com/organicagricultureph)

